Paano Gumagana ang Slot Machines

Gamitin ang iyong GameSense:
Alamin kung paano ang paglaro bago maglaro.

Ang slot machines ay gumagana nang ala-suwerte. Dahil sa ito'y may tinatawag na Random Number Generator (RNG) sa loob ng bawat machine na patuloy na nagpapaikot ng milyon-milyong mga numero. Ang kahihinatnan ng isang "spin" o pag-ikot ay awtomatikong natutukoy ng RNG sa oras na pindutin mo ang spin button, at ginagawa nitong imposibleng mahulaan kung mananalo o matatalo ka.

Ang ilang machines ay nagpapahintulot sa iyo na ihinto ang spinning reels nang mas maaga. Ito ay walang epekto sa kahihinatnan ng spin – wala kang magagawa para makontrol kung saan hihinto ang reel.

Ang bawat slot machine ay may isang natatanging pangkat o set ng mga simbolo (tulad ng bar, cherries, o ang numero "7"). Ang ilang mga simbolo ay maaaring lumabas nang isang beses lamang sa mga "physical reel" (ang reel na nakikita mo), habang ang iba pang mga simbolo ay maaaring lumabas sa mga physical reel nang mahigit sa isang beses.

Ngunit ang "virtual reel" na ito na (umiikot sa loob ng machine) ang magtutukoy kung mananalo ka o hindi. Kaya, halimbawa, kahit na makita mo na may parehong bilang ng cherries at bars habang umiikot ang physical reel, ang virtual reel ay maaaring may dobleng dami ng bilang ng cherries at bars.

Para sa ilang slot machines, ang bonus games ay maaaring maialok kung saan ang mga manlalaro ay magkakaroon ng pagkakataon na impluwensyahan ang bonus prize na halaga sa pamamagitan ng "interacting" sa isang arcade-style na video game. Habang ang kasanayan ng naglalaro ay maaaring maging isang dahilan sa kahihinatnan ng bonus prize, ang suwertehan lamang ay gumaganap pa rin ng malaking bahagi. Anuman ang lebel ng kasanayan ng isang manlalaro, ang RNG sa loob ng bawat machine ang nagtutukoy sa overall payout, kabilang ang kung ang isang manlalaro ay mananalo ng pagkakataong maglaro ng isang bonus game, at ang naunang itinakdang maximum na pwedeng mapanalunan sa bonus game.

Ang lahat ng mga Casino sa B.C. at Community Gaming Centres ay nag-aalok ng mga slot machine na di-nangangailangan ng coins. Ang "bill acceptors" ay tumatanggap ng mga salaping papel na $5, $10, $20, $50, o $100 na perang Canadian. Upang maglaro ng machines, ipasok lamang ang salaping papel sa bill acceptor ng isang coinless machine slot.

Maaari mong piliin kung gaano karaming "linya" at gaano karaming pusta o credit sa bawat linya ang nais mong pustahan. Ang ilang slot machines ay mayroong isa lamang halaga ng pusta at ang iba naman ay nag-aalok ng iba't ibang halaga ng pusta. Sa pamamagitan ng pagpindot sa *Bet One* button, magpupusta ka ng isang credit. Kapag pinindot mo ang *Max Bet*, ipupusta mo ang maximum na pwede sa machine na iyon para sa bawat laro.

Hilahin pababa at bitawan ang "arm" sa gilid ng slot o pindutin ang *Spin* button. Ang lahat ng mga slot machine ay nagpapakita ng bilang ng credits na napanalunan batay sa mga resulta ng reel spin.

Kapag handa ka nang mag-cash out, pindutin ang *Cash Out* button at makakatanggap ka ng isang ticket na maaaring ipalit ng pera sa kahera, sa *Ticket Express* redemption machine, o maaaring gamitin sa isa pang slot machine. Ang mga ticket ay may-bisa para sa 30 araw sa Casino o sa Community Gaming Centre na nagbigay nito.

Pagsusugal na may GameSense
Walang mga "kamuntik na" – mananalo ka sa isang spin lamang o hindi. Ang iyong huling spin ay ganap na walang epekto sa resulta ng iyong susunod na spin. Makakatulong na tandaan na sa paglipas ng panahon, ikaw ay mas malamang na matatalo kaysa sa mananalo. Ang pagtatakda ng isang budget o isang paglimita sa oras ng paglalaro ay maaaring makatulong sa pagsusugal nang may GameSense.

Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa GameSense Info Centre o sa GameSense.ca

BCLCGameSense